



Mga bagong DOST iskolar ngayong taon, umabot sa pinakamataas na 9,852

Ni Allan Mauro V. Marfal, *DOST-STII*

Mga larawan ni Allan Mauro V. Marfal

Naitala ngayong taon ang pinakamataas na bilang ng mga bagong mag-aaral na pumasa sa scholarship examination ng Department of Science and Technology-Science Education Institute (DOST-SEI).

Sa inilabas na pangalan ng mga bagong iskolar ng DOST-SEI noong 31 Marso 2019, umabot sa 9,852 na senior high school ang nakapasa—pinakamataas na bilang mula noong simulan ang scholarship program ng ahensya noong 1958. Tumaas din ng sampung porsyento ang bilang ng bagong DOST iskolar ngayong taon kumpara sa taong 2018.

Ginanap noong 21 Oktubre 2018 ang 2019 DOST-SEI Undergraduate Scholarship Examination sa 290 na testing centers sa buong bansa. Naitala rin ngayong taon ang pinakamataas na bilang ng mga kumuha ng examination sa tala na 73,712.

Ayon kay Dr. Josette T. Biyo, direktor ng DOST-SEI, ang nasabing scholarship program ay nagbibigay ng oportunidad sa mga mag-aaral na makakuha ng mga science degree na magsisilbing daan upang magkaroon ng maunlad na pamumuhay.

Dagdag pa niya, ang mga bagong iskolar ng DOST ay inaasahang magkakaroon ng mahalagang papel sa hinaharap lalo na sa pagbibigay ng mga alternatibong solusyon sa ilang hamon ng bansa.

Ilan sa mga matatanggap ng mga bagong iskolar ng DOST ay ang PHP 7,000 na buwanang

sundan sa pahina 2

Mga Nilalaman

Pondong ibinigay ng DOST-IX para sa MSMEs tumaas pa nang PHP 8.8 M ngayong taon.....	p2
Paggawaan ng light frame construction material sa CDO natulungan ng SETUP.....	p3
Bagong DOST Field Office pinasinayaan sa Candon City.....	p4
LarawaNews.....	p4

Pondong ibinigay ng DOST-IX para sa MSMEs tumaas pa nang Php 8.8 M ngayong taon

Ni Jasmin Joyce P. Sevilla, DOST-STII

Noong nakaraang taon, umabot sa Php 61.4 M ang pondo na ibinigay ng Department of Science and Technology-Region IX (DOST-IX) sa mga micro, small, and medium enterprises (MSMEs) sa kanilang rehiyon na bahagi ng Small Enterprise Technology Upgrading Program o SETUP. Ngunit sa pagtatapos pa lamang ng unang kwarter ng taong 2019, tumaas pa ito nang Php 8.8 M—patunay na mas dumarami pa ang napopondohang MSME ng DOST-IX sa tulong ng SETUP.

Ang pondong ito ay ibinigay sa mga MSME ng rehiyon na nasa ilalim ng apat na strategic area. Ito ay ang Zamboanga City, Zamboanga Sibugay, Zamboanga del Sur, at Zamboanga del Norte.

Dalawampu't isang MSME mula sa Zamboanga del Sur na kabilang sa SETUP ang nabigyan ng tulong na aabot sa Php 24.1 M pondo mula sa sektor ng agrikultura/hortikultura at metals and engineering. Samantala, aabot naman sa Php 15.2 M ang naibigay na pondo sa mga MSME mula sa Zamboanga del Norte. Bukod sa mga nabanggit



equipment at mga teknikal na training upang mas mapataas ang kalidad ng kanilang mga produkto.

na sektor, mayroon din silang MSME na nasa food processing, furniture-making, ICT, at solid waste management. Sa mga siyudad naman ng Zamboanga at Isabela, tinatayang nasa Php 5.6 ang pondong naibigay sa mga MSME na mayroon ding nasa sektor ng handicrafts at industry.

Ang SETUP ay isa sa mga programa ng DOST na naglalayong tulungan ang mga MSME sa bansa na makakuha ng standardized

nasa Region IX na interesado sa SETUP, maaaring tumawag sa (062) 991-1024 o sa 0917-801-1887 o mag-email sa pstczcic@gmail.com at hanapin si John C. Apolinario mula sa DOST-IX. Sa iba pang mga nais na mag-apply sa SETUP, maaaring makipag-ugnayan sa pinakamalapit na DOST regional o provincial office sa inyong lugar. (Impormasyon mula kay Michael Daryll Ericson, DOST-IX)

Mga bagong...

Mula sa pahina 1



Binisita ni Department of Science and Technology (DOST) Secretary Fortunato T. de la Peña ang Luna Central School sa probinsya ng Apayao noong 21 Oktubre 2018 kung saan nagsilbi ito bilang isa sa mga testing center para sa 2019 DOST-SEI Undergraduate Scholarship Examination.

stipend, halagang Php 40,000 para sa matrikula bawat taon, gayundin ang taunang book at clothing allowance. Sa ilalim din ng programa, ang mga bagong iskolar ay may benepisyo rin na roundtrip airfare na economy class kada-taon at group accident insurance.

Ang mga bagong iskolar ng DOST ay kinakailangang pumasok sa anumang kampus ng Unibersidad ng Pilipinas o sa unibersidad

at kolehiyo na kabilang sa listahan ng Commission on Higher Education na mayroong Centers of Excellence o Centers of Development o may Federation of Accrediting Agencies of the Philippines Level III para sa mga prayoridad na programa sa Siyensya at Teknolohiya. Ang mga listahan ng paaralang ito ay maaaring makita sa website ng DOST-SEI sa www.sei.dost.gov.ph.

Kapag naka-gradweyt ang mga iskolar, kinakailangan na magsilbi sila sa bansa sa loob ng bilang ng taon na katumbas na sumailalim sila sa scholarship program ng DOST-SEI. (Impormasyon mula sa DOST-SEI)

RODOLFO P. DE GUZMAN
Editor-in-Chief

JASMIN JOYCE P. SEVILLA
Managing Editor

JAMES B. INTIA
Layout Artist

ROSEMARIE C. SEÑORA
Proofreader

ALLAN MAURO V. MARFAL
Circulation

Ang Balitang Rapidost ay buwanang lathalain ng Institusyon ng Impormasyon sa Agham at Teknolohiya (STII) para sa Kagawaran ng Agham at Teknolohiya (DOST).

Para sa inyong mga tanong at suhestiyon, maaari po kayong mag email sa balitangrapidost@gmail.com o tumawag sa DOST trunkline (02)837-2071 to 82 loc. 2148.

Paggawaan ng light frame construction material sa CDO natulungan ng SETUP

Ni Rosemarie C. Señora, DOST-STII

Nagsimula noong 2012 bilang isang maliit na manufacturer ng iba't ibang mga makabagong building technology tulad ng mga light material frame na may puhunan na Php 5 M at limang empleyado lamang, ngayon ay isa nang maunlad na negosyo ang Priometal Mindanao Corporation sa tulong ng programang Small Enterprise Technology Upgrading Program o SETUP ng Department of Science and Technology o DOST.

Ayon kay Mary Grace E. Te, general manager ng nasabing kumpanya na nakabase sa Cagaya de Oro City, Misamis Oriental, layunin ng Priometal Mindanao Corporation na makatulong sa pagpapanatili ng ekolohiya sa pamamagitan ng kanilang mga produktong light material framing na ginagamit sa paggawa ng mga gusali.

Bagama't nabawi nila ang kanilang puhunan makalipas ang tatlong taon, mababa pa rin ang kanilang benta dahil sa pagkaantala sa kanilang produksyon dulot ng kakulangan sa kagamitan. Madalas din magkaroon ng depekto ang kanilang mga produkto dahil nagagamit nila sa ibang paraan ang kanilang kagamitan para lang mapagbigyan ang pangangailangan ng kanilang mga mamimili.

Kaya't nang malaman nila ang tungkol sa programang SETUP sa pamamagitan ng isa nilang supplier, agad silang lumapit sa DOST-Region X para mag-apply ng technology assistance.

Sa tulong ng technology assistance mula sa SETUP, nakabili sila ng upgraded roll forming machine na lubos na nakatulong upang makapag-develop sila ng mga makabagong produkto na kayang makipagkumpitensya sa merkado. Nakatulong din ang makina upang mapabuti ang tibay, yari, at ang pagkakapareho sa sukat at laki ng mga produkto.

Itinuon din nila ang kanilang produksyon sa isang product line lamang upang maalis ang pangangailangan na mag-adjust ng kanilang bawat production cycle. Nawala na rin ang pagkaantala sa kanilang produksyon at mga depekto sa kanilang produkto.

Bukod sa technology assistance, nabigyan din ng pagsasanay ang kanilang mga empleyado sa monitoring at evaluation kung saan nagamit nila ang kanilang natutunan sa product development.

Mula sa limang empleyado, mayroon na silang dalawampung manggagawa kung saan ang dalawa sa mga ito ay may sapat



Isang halimbawa ng construction project sa Kausawagan, Cagayan de Oro City na gumagamit ng light metal frame. (Larawan mula sa Priometal Mindanao Corporation)

na pagsasanay para sa FabLab o Fabrication Laboratory, SketchUp o 3D modeling at sa pagle-layout.

Nakatulong din sa paglago ng kumpanya ang tuluy-tuloy na information at market awareness drive sa pamamagitan ng pagsasagawa ng mga product launch, training, at orientation.

Paniwala ni Jeffrey S. Co, presidente ng Priometal Mindanao Corporation, mahalaga ang tiwala sa sarili at tamang pamumuhunan sa merkado upang mapalago ang isang negosyo.

Kabilang sa mga Priometal product sa ilalim ng brand name na iCO ay Meta Furring, G.I. C-Purlins, Meta Jamb, Furring Channel, at iba pa. Ang mga ito ay kanilang pagmamay-ari at nakarehistro sa Intellectual Property Office.

Ang programang SETUP ng DOST ay isang pambansang estratehiya upang hikayatin at tulungan ang mga micro, small at medium enterprises o MSMEs na mag-adopt ng technological innovation para mapabuti ang kanilang mga produkto, serbisyo, at operasyon, at nang sa gayon ay maragdagan ang kanilang pagiging produktibo at makapagkumpitensya sa merkado.

(Impormasyon mula kay Geraldine B. Ducusin, DOST-STII)



Si DOST Undersecretary for Regional Operations Brenda L. Nazareth-Manzano (nasa gitna) kasama sina (mula kaliwa) DOST-X Assistant Regional Director Romela N. Ratilla, DOST-X Regional Director Alfonso P. Alamban, Priometal Mindanao Corporation President Jeffrey S. Co, at Provincial Science and Technology Center (PSTC)-Misamis Oriental Director Engr. Junelyn Louvena B. Ruiz sa isang project visit. (Larawan mula sa PSTC-Misamis Oriental)

Bagong DOST Field Office pinasinayaan sa Candon City

Ni David Matthew C. Gopilan, DOST-STII



Pinangunahan nina DOST Undersecretary for Regional Operations Brenda L. Nazareth-Manzano (ikalawa mula sa kanan), Candon City Mayor Ericson G. Singson (gitna), director ng DOST-I Dr. Armando Q. Ganal (dulo sa kaliwa), City Administrator Grace G. Singson (dulo sa kanan), at DOST PSTC-IS Director Ramon S. Sumabat (ikalawa mula sa kaliwa) ang pagbubukas ng bagong DOST Field Office. (Larawan mula sa DOST-I)

Mas mapalapit na ngayon sa ikalawang distrito ng Ilocos Sur ang mga programa at serbisyong S&T ng Department of Science and Technology (DOST)-Region I sa pagtatalaga ng bagong field office ng Provincial Science and Technology Center ng Ilocos Sur (PSTC-IS) noong 19 Marso 2019. Ang bagong field office ay matatagpuan sa ikalawang palapag ng Candon Trade Center sa Candon City, Ilocos Sur.

Mapaglilingkuran ng bagong field office ang 22 na munisipyo at isang lungsod sa ikalawang distrito ng Ilocos Sur na kung saan ang karamihan ay nasa kabundukan. Kung hindi naman, ang mga nasabing lugar ay napakalayo sa Tamag, Vigan, Ilocos Sur na siyang kinaroroonan ng PSTC-IS sa kasalukuyan.

Pinasalaman ni DOST Undersecretary for Regional Operations Brenda L. Nazareth-Manzano ang lokal na pamahalaan ng lungsod ng Candon, Ilocos Sur. "Our battle

cry is bringing science closer to the people and this field office in Candon City is a testament that we want our services to be more accessible to the people of the 2nd District of Ilocos Sur," sabi niya.

Ang nasabing opisina ay bunga ng pagtutulungan ng tanggapan ni Congressman Eric D. Singson at lungsod ng Candon sa pamumuno ni Mayor Ericson G. Singson.

Idiniin ni Mayor Singson na tiyak na mapakikinabangan ang nasabing bagong tanggapan ng DOST at makakatulong ito sa pagbuo ng Candon bilang sentro ng serbisyong pamahalaan sa ikalawang distrito. Binanggit naman ng City Administrator Grace G. Singson na tiyak na makatutulong ang bagong field office sa paglinang ng mga produkto ng lungsod gaya ng kornik, kalamay, at tabako.

Hinimok naman ng director ng DOST-I na si Dr. Armando Q. Ganal ang akademya na maging bukas sa technology transfer at mga R&D activities. Kanya ring ipinangako na lalawakan pa ng DOST-I ang hatid nitong serbisyong S&T sa buong distrito.

Ang bagong field office ay pamumunuan ng DOST-I sa pamamagitan ng PSTC-IS. Samantalang maglalaan ng dalawang technical staff ang bawat lokal na pamahalaan sa nasabing tanggapan para sa koordinasyon ng mga usaping S&T sa lugar. (Impormasyon mula kay Florde Liza L. Alida, DOST-I)

LarawaNEWS

Dalawang researcher mula sa DOST-ITDI kasama sa Asian Scientist 100. Isa sina Dr. Rosalinda C. Torres (itaas na larawan) at Dr. Marissa A. Paglicawan (ibabang larawan) sa walong Pilipinong siyentipiko na kabilang sa 2019 edition ng Asian Scientist 100. Si Dr. Torres ay mula sa Standards and Testing Division habang si Dr. Paglicawan ay mula naman sa Materials Science Division na parehong bahagi ng Department of Science and Technology-Industrial Technology Development Institute (DOST-ITDI). Kinilala si Dr. Torres sa kaniyang pag-aaral sa larvicidal potential ng mga lokal na medicinal plant katulad ng abokado, guayabano, at pomelo. Ayon sa kaniyang pag-aaral, ang mga halamang ito ay nagtataglay ng katas na nakamamatay sa mga peste katulad ng lamok habang ito ay larva pa lamang. Samantala, kinilala naman ng science magazine ang pag-aaral ni Dr. Paglicawan tungkol sa paggamit ng abaca bilang engineering material. Nagbunga ang pag-aaral niyang ito upang mabuo ang proyektong "Tryk ni Juan" kung saan nagdebelop sila ng composite material mula sa resin at abaca fiber na ginamit na bubong sa mga traysikel. Dahil dito, mas napaganda nito ang disenyo ng "Tryk ni Juan" at mas magaan ang materyales na ginamit. Layon ng Asian Scientist Magazine na ipakilala ang mga natatanging researcher sa Asia para sa kanilang mga nakamit at nagawa sa kani-kanilang disiplina. Nagsimula ang listahan ng mga natatanging siyentipiko noong 2016 kung saan aabot sa sampu ang mga Pilipinong nakasama na rito taon-taon. (Teksto mula kay Jasmin Joyce P. Sevilla, DOST-STII at larawan mula sa DOSTv.ph. Impormasyon mula kay David Matthew C. Gopilan, DOST-STII)

